Wala kang karapatan sa kanya sa sustento.

Ayon kay Fāṭimah bint Qays, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, si Abū `Amr bin Ḥafṣ ay nagdiborsiyo sa kanya nang lubusan samantalang ito ay nakaliban. (Sa isang sanaysay: nagdiborsiyo sa kanya nang tatlong ulit.) Isinugo nito sa kanya ang kinatawan nito na may dalang sebada at nayamot siya kaya nagsabi ito: "Sumpa man kay Allāh, wala kang anumang karapatan sa amin." Pinuntahan niya ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at binanggit niya iyon dito kaya nagsabi ito: "Wala kang karapatan sa kanya sa sustento." (Sa isang pananalita: ni sa tirahan.) Kaya inutusan siya nito na magsagawa ng `iddah sa bahay ni Umm Sharīk. Pagkatapos ay nagsabi ito: "Iyon ay isang babaing binabalik-balikan ng mga kasamahan ko. Magsagawa ka ng `iddah sa tirahan ng anak ni Ibnu Maktūm sapagkat iyon ay lalaking bulag: mahuhubad mo ang mga damit mo. Kapag maaari ka nang mag-asawa, ipaalam mo sa akin." Nagsabi siya: "Noong maaari na akong mag-asawa, binanggit ko sa kanya na sina Mu`āwiyah bin Abī Sufyān at Abū Jahm ay nag-alok sa akin ng kasal." Nagsabi ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Tungkol kay Abū Jahm, hindi niya inaalis ang patpat niya sa balikat niya. Tungkol naman kay Mu`āwiyah, isang hikahos na walang salapi. Magpakasal ka kay Usāmah bin Zayd." Kinasuklaman ko iyon. Pagkatapos ay nagsabi siya: "Magpakasal ka kay Usāmah bin Zayd." Kaya nagpakasal ako sa kanya. Naglagay si Allāh sa kanya ng mabuti at nasiyahan ako sa kanya.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nilubos ni `Amr bin Ḥafṣ ang diborsiyo niya sa maybahay niyang si Fāṭimah bint Qays. Ito ang huling diborsiyo nito sa kanya. Ang diniborsiyo nang lubos ay walang karapatan sa sustento mula sa asawa niya ngunit si `Amr ay nagpadala sa kanya ng sebada. Inakala niyang ang sustento sa kanya ay tungkulin nito hanggat siya ay nasa `iddah. Minaliit niya ang sebada at kinasuklaman kaya nanumpa si `Amr na wala siyang anumang karapatan dito. Nagsumbong siya sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at ipinabatid nito sa kanya na siya ay walang karapatan sa sustento mula roon ni tirahan. Inutusan nito siya na magsagawa ng `iddah sa bahay ni Umm Sharīk. Noong binanggit ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na si Umm Sharīk ay madalas balik-balikan sa bahay nito ng mga kasamahan, ipinag-utos nito sa kanya na magsagawa ng `iddah sa tahanan ng anak ni Umm Maktūm dahil sa pagiging lalaking bulag niyon at hindi siya nito makikita kapag hinubad niya ang mga damit niya. Ipinag-utos din ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa kanya na ipabatid niya rito ang pagtatapos ng `iddah niya. Noong natapos ang `iddah niya, inalok siya ng kasal nina Mu`āwiyah at Abū Jahm. Sinangguni niya ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, hinggil doon. Yayamang ang pagpapayo ay isinasatungkulin, lalo na sa sumasangguni, tunay na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay hindi sumang-ayon para sa kanya sa alinman sa dalawa dahil si Abū Jahm ay mahigpit sa mga babae at si Mu`āwiyah ay mahirap, walang salapi. Ipinag-utos nito sa kanya na magpakasal kay Usāmah bin Zayd. Kinasuklaman niya iyon dahil sa pagiging pinalayang

alipin niyon subalit siya ay sumunod sa utos ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Tinanggap niya si Zayd at nasiyahan siya rito at naglagay si Allāh dito ng maraming biyaya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6020